

1

Malakas ang sirena ng police mobile na patungo sa isang klinika sa bandang Ermita na kasalukuyang hino-hold-up. Nang huminto iyon, bumaba ang isang may-edad nang pulis. Naglalaro sa cincuenta o higit pa ang edad nito pero matikas pa rin ang tindig.

“Ano’ng sitwasyon dito, Chief?”

Sumaludo ang pulis sa bagong-dating. “Dalawang holdaper ang nasa loob, Sir. Parehong may armas.”

“Ilan ang hostage sa loob?”

“Isa, Sir.”

“Ano ang hinihingi?”

“Hayaan daw po silang makatakas, kung di papatayin ’yung hostage.”

Nanatiling nakatingin ang matandang pulis sa direksyon ng klinika, pinag-iisipan ang gagawin.

“Bibigyan namin kayo ng isang oras para umalis, kung hindi papatayin namin ang bihag namin!” banta ng tinig ng isang lalaki mula sa loob ng klinika.

Inilahad ng matandang pulis ang isang kamay at

agad na inabot dito ng negotiator ang megaphone. “Palabasin mo ang bihag, patatakasin ka namin,” anito.

“Ano akala mo sa amin, bobo?” sigaw ng holdaper pabalik.

“Napapalibutan namin kayo. Wala kayong lulusutan!” sagot ulit ng pulis.

“Pabayaang n’yo kaming tumakas! Kapag nakalayo kami, saka namin pakakawalan ang babaeng ’to!”

Tinanguan ng matandang pulis ang hepe na sumenyas sa mga tauhan nito. Unti-unting dumistansya ang mga ito sa harapan ng gusali.

Nang makitang lumalayo na ang mga pulis, lumabas ang dalawang lalaki. Hawak ng isa sa mga ito ang bihag na babae. Nakapulupot sa leeg nito ang isang braso ng holdaper at nakatutok sa sentido nito ang baril.

Nang tuluyan nang makalabas ang dalawa sa pintuan, may dumating na babaeng buntis na buntis na dumaan sa harapan mismo ng mga holdaper. Huminto ito sa pintuan ng klinika at nagsimulang mamilipit sa sakit.

“Anak ng... sino ’yun?”

“Hindi ko alam, Sir!” nataranta nang sagot ng pulis.

“Doktora, manganganak na ako. Tulungan mo ako,” sabi ng babaeng buntis.

“Siraulo ka ba?” sigaw ng holdaper na may hawak sa hostage. “Lumayas ka kung ayaw mong madamay!”

“Manganganak na ako, mama. Ang sakit-sakit na ng tiyan ko!”

“Huwag kang magpapaputok!” sigaw ng hepe ng mga pulis sa holdaper nang masundan nito ang nangyayari. “Lalapit ako. Kukunin ko lang siya at ilalayo!”

Akmang lalapit ang pulis sa buntis nang may narinig silang putok ng baril. Tinamaan ang holdaper na may hawak sa bihag at bumulagta ang lalaki. Akmang tatakas pa ang isa pero mabilis itong kinuyog ng mga pulis.

Sa gitna ng kaguluhan, tumuwid sa pagkakatayo si Police Officer 2 Janine Samonte, ang babaeng kanina ay buntis na buntis, at ibinalik ang hawak na baril sa holster sa baywang nito, sa ilalim ng

bestidang ipinatong nito sa uniporme.

“Pambihira ka naman, anak. Anong kalokohan na naman ang ginawa mo doon?” buntong-hininga ng ama ni Janine, si Police Senior Superintendent Jun Samonte.

“Dad, anong kalokohan ang sinasabi n’yo?” tanong niya bago sila pumasok ng bahay.

“Yung ginawa mo na nagpanggap kang buntis.”

“Effective naman, di ba, Dad?” Ngumiti siya sa nakasimangot na ama.

“O, nag-aaway na naman kayong mag-ama,” salubong ng kanyang ina. Humalik ito sa asawa pagkatapos ay tinanggap ang halik ni Janine.

“Yang anak mo, inilagay na naman ang buhay sa panganib.”

“Oo nga. Nakita ko kanina sa news.”

“Dad, Ma, hindi na kayo nasanay sa akin.”

“Hay naku, anak. Hangga’t hindi ka naa-assign sa opisina, hindi ako masasanay sa iyo,” saad ng ina habang pabalik sa kusina para maghain ng hapunan.

“Bukas na bukas din pupuntahan ko si General Apasible. Tinatanong niya ako n’ung isang linggo, baka raw interesado kang magpa-reassign sa opisina—”

“Huwag na, Dad! Ayoko sa office,” parang batang sabi ni Janine.

“Wala nang pero-pero! Ako ang ama kaya ako ang masusunod. Period!”

Tumingin si Janine sa ina para humingi ng saklolo pero nagkibit-balikat lang ito. Ibig sabihin, wala itong gagawin.

Kinaumagahan hindi nag-imikan ang mag-ama sa hapag habang nag-aalmusal.

“Galit ka ba, Janine?”

“Masaya kasi ako sa field, Dad. Boring sa loob, sa opisina,” sabi niya.

“Anak, nag-iisa kitang anak na babae. Pumayag akong magpulis ka, pero ngayon parang nagsisisi ako sa desisyon ko.”

“Kaya ko naman, Dad, eh!”

“Alam ko naman ’yun. Bilib ako sa iyo. Ipinagmamalaki nga kita kahit abot–abot ang kanyaw

nila sa akin dahil mas magaling ka daw humawak ng baril kaysa sa 'kin!"

"Baka naman nai-insecure kayo sa akin kaya gusto n'yo akong ipa-reassign sa opisina," biro niya rito.

"Kahit ano pa ang isipin mo, basta ang kaligtasan mo ang lang ang iniisip ko. Sa *Crame* ka." Tumayo na ito. "Mauna na ako."

Sumimangot si Janine. Mukhang seryoso ang daddy niya na ikulong siya sa opisina.

Bunso si Janine sa tatlong magkakapatid at nag-iisang babae. Pareho nang may asawa ang mga kuya niya at pareho ring nasa ibang bansa. Ang panganay ay doktor at ang pangalawa ay engineer.

Bata pa si Janine ay gusto na niyang magpulis. Sa katunayan, noong bata siya ay puro baril at mga sasakyan ang mga laruan niya. Akala nga ng pamilya niya ay tomboy siya pero hindi naman. Nagkaroon siya ng kasintahan noong nagdadalaga siya at naging muse pa siya ng basketball team noong high school kung saan nanalo pa siyang Miss Intrams.

Pero gusto talaga niyang magpulis. Pagkatapos ng high school ay kumuha ng entrance examination sa *Philippine College of Criminology* at nakapasa

naman.

“Anak, bakit naman criminology ang kukunin mo?” tanong noon ng kanyang ina.

“Oo nga naman, anak. Bakit magpupulis ka?”

“Eh, idol kita, Dad,” sagot niya, nakangiti sa mga magulang.

“Anak, tama na ang isang pulis sa pamilya.”

“Ma, okay lang din naman kung dalawa,” giit niya sabay yakap sa ina.

Kahit ano ang pangungumbinsing mga magulang ay hindi na nagbago ang pasya ni Janine.

“Hayaan mo na. Pag nahirapan sa training ’yan, kusa rin ’yang magku-quit,” narinig niyang sabi ng kanyang ama.

Nagtapos siyang nasa top ng klase niya.

At nang makapasa sa board exam, agad siyang nag-apply sa PNP at agad ding natanggap dahil sa kanyang credentials at galing.

At nang magsimulang mag-training, si Janine pa rin ang top trainee.

“Magaling ang anak mo, kumpadre,” sabi ng

kanyang instructor sa kanyang ama minsan nang pumunta ito sa kampo para bisitahin siya.

“Nagmana sa akin, kumpadre,” sagot ng tatay niya habang pinapanood silang mag-drills.

“Parang hindi yata,” biro ng kausap.

“Ewan ko ba sa batang ’yan kung bakit nakahiligan ang paghawak ng baril. Ang inaasahan ko noon ay ’yung mga lalaki kong anak ang magmamana sa akin.”

“Gan’un talaga, kumpadre. Hindi lahat ng inaasahan natin, iyon ang mangyayari. Di bale, ito na ang tagapagmana mo.”

“Samonte, tinawagan ako ng Crame. Pinagre-report ka doon,” bungad kay Janelle ng kanilang hepe nang makita siya nito kinaumagahan.

“Bakit ka pinagre-report doon?” tanong ng isa niyang kasamahan.

“Baka ipo-promote na siya dahil sa nangyari kahapon,” sagot naman ng isa.

“Weh? Baka naman paparusahan siya dahil d’on,” anang una.

“Baka ililipat na ako sa Crame, sa opisina,”

malungkot niyang sagot.

“Ha? Bakit?” tanong ng mga ito.

“Ano pa, kinausap daw ang tatay ko na baka gusto kong bumalik d’on. Eh, gusto niya sa opisina ako ma-assign, hindi sa field,” nakasimangot niyang sagot sa mga kasamahan.

“Ikaw kasi ang baby ng daddy mo, hija. Siyempre nag-aalala ’yun kaya gusto n’ung sa opisina ka na.”

“Eh, sir, dito ako masaya. Ayaw ko sa opisina. Ano’ng gagawin ko doon? Makikipaghabulan sa mga papeles?”

Nagkibit-balikat lang ang kanilang hepe.

“Upo ka, Samonte,” ani General Apasible kay Janelle nang makapasok siya sa opisina nito sa *Camp Crame*. “Magmula bukas, sa *CIDG* office ka na papasok.”

“Pero, Sir—”

“That’s an order.”

“Sir, hindi ba puwede kahit sa *Highway Patrol Group*?”

“Mangingitim ka d’un.”

“Okay lang ’yun, Sir. Boring sa opisina, eh,” sabi niya.

“CIDG naman ito. Mas bagay sa ’yo sa opisina. Sa ganda mong ’yan dapat naka-aircon ka lagi.”

Maganda talaga si Janine. Dahil likas na maputi, kataasan nang maging kayumanggi ang kanyang balat kapag matagal silang nabibilad sa araw. Nasa 5’4” ang kanyang taas at balingkinitan ang pangangatawan. May mga nagsasabi nga sa kanya na kung hindi nila siya kilala at kung hindi siya nakauniporme ng pang-pulis ay aakalain nilang modelo siya.

“At saka paano ka maliligawan kung nasa *Highway Patrol* ka’t nanghahabol ng mga kriminal? Matatakot ang mga lalaking manligaw sa ’yo.”

“Eh, hindi naman ako magpapaligaw, Sir,” sagot niya.

“Kaya nga, Samonte. Doon ka na sa opisina para maligawan ka.”

Tumayo na si Janine dahil hindi na niya type ang pinupuntahan ng kanilang usapan. Tatal sa kanyang pakiwari ay hindi na magbabago ang pasya ng heneral na ikulong siya rito sa opisina.

“Sige, Sir, aalis na ako,” malungkot niyang

paalam. Sumaludo siya rito bago tumalikod.

“Ah, Samonte?” pahabol ng heneral.

Lumingon siya rito. “Sir?”

“Wala nga bang nanliligaw sa ’yo?”

Nabigla si Janelle sa tanong at napasimangot. Umiling lang siya bago tuluyang lumabas ng opisina.

Oo nga. Bakit nga ba? tanong niya sa sarili habang naglalakad pabalik sa kotse niya. Maliban sa naging boyfriend niya noong high school, wala na siyang ibang nakarelasyon. Wala ring nagtangkang manligaw sa kanya.

Siguro nai-intimidate sila sa akin dahil pulis ako, sagot niya sa sarili.

Minsan nga itinatanong din ng kanyang mga magulang kung bakit wala pa siyang kasintahan.

“Hija, magtu-twenty-four ka na, bakit wala ka pang boyfriend?”

“Hayaan mo na ’yun, Ma. Makakapaghintay iyan kasi hindi naman ’yun hinahanap. Kusa ’yung dumarating.” Iyon ang lagi niyang isinasagot.

Sumakay na siya sa kanyang kotse para bumalik sa kanyang presinto para mag-ayos ng mga gamit

niya. Naiinis man siya, wala na siyang magagawa.

“Kainis talaga ang Daddy,” bulong niya sa sarili habang palabas ng kampo, pagliko niya sa EDSA, sumabay siya sa daloy ng mga sasakyan. Mabagal ang usad pero gumagalaw naman. Nag-signal siyang lilipat ng lane nang maramdaman niyang may sumabit sa gilid ng kotse niya.

“Shit!” mura niya pero nang lingunin niya ang sasakyang nakabangga sa kanya, nakaandar na iyon at nakasingit sa kabilang lane.

Hindi iyon huminto at nang-aagaw pa ng ibang linya. Dahil mainit na rin ang ulo, sinundan ni Janine ang sasakyan nito. Hindi niya inalis ang mga mata sa kotse. Sumingit na rin siya kapag nakakakita ng awang sa pagitan ng mga sasakyan.

Kailangan mahabol ko ito, sa loob-loob niya, baka masamang tao ito. At saka binangga niya ako!

Patuloy siya sa paghabol at pagbusina para kunin ang atensyon ng driver ng kotse pero hindi ito tumigil. Kinuha na lang niya ang kanyang cellphone at kinunan ng picture ang kotse.

Mayamaya, lumiko ang sasakyang sinusundan niya at nang may humarang na bus, hindi na nakahabol pa si Janine.

Tiningnan niya ang larawan ng sasakyan sa telepono niya. Malinaw naman niyang nakuhanan ang plate number niyon. Nagngingitngit, nagmaneho siya pabalik sa presinto.

Pagbaba niya ng sasakyan, agad niyang tiningnan ang pinsala sa gilid niyon. May mahabang gasgas sa bandang unahan ng kotse niya. Nadagdagan tuloy ang kanyang pagkainis.

“O, Samonte! Bakit ganyan ang mukha mo?” salubong ng isa niyang kasamahan.

“Buwisit! Ang malas ng araw ko ngayon, pare. Tuloy na ang paglipat ko sa *Crame*, ’tapos nagasgas pa ’yung kotse ko.” Sumalampak siya sa upuan.

“Ano nangyari?”

“Sinabitan ng kung sinong mayabang na driver sa EDSA.”

“Di sana hinabol mo.”

“Hinabol ko nga! Hindi huminto, ’tapos lumiko pa sa bandang Ortigas. Di ko na nahabol kasi hinarangan ako ng bus.”

“Aba! Naisahan ka d’un, ah!” nakangiting tugon ng kausap.

“Di bale, ipapa-trace ko na lang sa *LTO*. Nakuhanan ko naman ng pic ’yung plate number.”

“Yun naman pala. Madali na lang iyan, buddy. Kailan ang lipat mo doon sa *Crame*?”

Humugot siya ng isang malalim na buntong-hininga. “Bukas,” malungkot niyang sagot bago inabot ang telepono niya. Tatawag na siya sa *LTO*. May kakilala kasi siya roon. Ipapahanap na niya iyong kotse kanina.

“Tawagan na lang kita kapag nahanap ko na ’yung record, friend,” sabi ng kaibigan niyang si Joanne.

“Sige, salamat.”

Nagsimula siyang mag-ayos ng mga gamit sa locker niya habang hinihintay ang tawag ng kaibigan. Nang bumalik si Janine sa mesa niya, may nakasulat na mensahe para sa kanya.

Nakarehistro ang kotse kay Alfred Magsinggal na taga-Pasig City.

2

“Kuya, may sulat ka.”

“Salamat.” Tinanggap ni Alfred ang sulat nang hindi tinitingnan ang sobre saka tumuloy sa dining room.

Sa edad na treinta, binata pa si Alfred at nakatira sa isang exclusive subdivision kasama ang kanyangina. Dalawa na lang sila dahil matagal nang namayapa ang kanyang ama. Siya ang may-ari ng *MM Supermarket* na may branches sa Metro Manila, sa Laguna, Bulacan at Cavite.

“Hi, Ma,” aniya sabay halik sa pisngi ng mama niya. Nakapuwesto na ito sa mesa.

“Anong oras ka ba umuwi kagabi? Hindi na kita nahintay.”

“Napasarap ang kuwentuhan namin ng mga kaibigan ko, Ma.”

“Eh, kung naghahanap ka na lang sana ng mapapangasawa mo, di sana hindi na kung sinu-sino pa ang dinadayo mo para lang may makausap.”

“Ma, alam mong di pa ako sawa sa pagkabinata.

At alam mong gusto ko munang alagaan ka. Sige, Ma, aalis na ako at baka matrapik pa ako.”

“Di ka man lang kakain ng breakfast?”

“Sa office na ako magbe-breakfast, Ma. Nagmamadali lang talaga ako.”

Sinundan ni Eliana ng tingin ang binatang anak. Napailing ang ginang, nakaramdam ng lungkot at habag. Malamang dahil sa pangako ni Alfred sa kanyang nasirang asawa na aalagaan siya kaya hindi pa ito lumalagay sa tahimik.

Napangiti si Eliana nang may maisip. *Hmm, bakit nga ba hindi?*

“Kumusta ang *Crame*, anak?” simula ng ama ni Janine. Nagmamaneho siya palabas ng subdivision nila para pumasok sa trabaho.

“Boring,” sagot niya na hindi ito nililingon.

Napabuntong-hininga si Jun dahil alam niyang hindi masaya ang anak, pero ayaw niyang mabalik ito sa *MPD* sa takot na mapahamak ito. Agresibo pa naman si Janine. Gaya na lang nang minsang may nadaaan silang siga na nagwawala. Hinarap nitong mag-isa ang lalaki at mag-isa rin itong inaresto.

Tahimik lang si Janine. Hindi na siya galit at lumipas na rin ang tampo niya. Wala lang talagang excitement sa bago niyang opisina.

“Masasanay ka rin. Tingnan mo, pagtagal baka ayaw mo nang bumalik sa field.”

Nagkibit-balikat lang ang dalaga. Idinaan niya ang ama sa presinto nito bago tumuloy sa opisina niya.

Nang dumating ang lunch break, sumaglit siya sa presinto kung saan niya ipina-blotter ang bumangga sa kotse niya.

“Sir, na-inform n’yo na ba ’yung may-ari ng kotseng nakabangga sa akin?”

“Pinadalhan ko na ng sulat, Ma’am, pero ipa-follow up ko mamaya kung wala pa siyang response ngayon.”

“Salamat, Sir. Pakitawagan lang ako kung may update.”

“Good morning, Sir,” bati ng mga empleyado kay Alfred.

“Good morning,” nakangiting sagot niya. Hindi

ilag sa kanya ang mga tauhan.

“Sir,” salubong sa kanya ng sekretarya.

“Yes, Diane?”

“May tumawag po kanina na taga-QCPD raw po. Gusto raw pong mag-follow up tungkol sa natanggap daw ninyong notice? May nagpa-blotter daw kasi sa inyo sa kanila.”

“Ha? Sino? Bakit daw?”

“Wala pong sinabi, Sir. Basta tinanong lang kung natanggap na raw ninyo’yung ipinadala nilang sulat.”

Saka lang niya naalala ang sulat na iniabot ng kanilang kasambahay kanina.

Kinuha niya iyon at binasa. Complaint letter nga iyon, pinapapunta siya sa QCPD upang sagutin ang reklamo. “May reklamo sa akin na reckless driving resulting to damage of property?” nagtataka niyang bulalas.

“May nabangga kayo, Sir?” tanong ni Diane.

Umiling siya. Siguro naman alam niya kung may nabangga siya, di ba?

“Sir, kailan at paano nangyari ito?” tanong ni Alfred sa pulis habang hinihintay nila ang complainant na ayon sa liham na natanggap niya ay si Janine Samonte. Agad siyang nagpunta sa presinto kung saan ito nagpa-blotter.

“Hindi mo matandaan ang ginawa mo?”

Nilingon niya ang bagong dating. Isa itong babaeng nakauniporme ng pulis. Hanggang tuhod ang palda nito, hawak ang isang cap na alam niyang kasama ng uniporme at nakapusod ang buhok. Saglit siyang natulala rito at walang ibang naisip kundi: *Ang ganda.*

“Hindi mo talaga maalala o nagmamaang-maangan ka?”

“Sir?” tawag ng pulis na kanina pa niya kausap sabay kalabit sa balikat niya.

Saka pa lang natauhan si Alfred. Napatingin siya sa pulis at nakitang nakangisi ito. Malamang alam na nito kung ano ang iniisip niya.

“Ma’am, wala akong matandaan na may nasabitan akong sasakyan.”

“Sa EDSA n’ung isang araw, paekis-ekis ka pa ngang nagmamaneho! Hinabol kita pero hindi ka

huminto.”

Kumunot ang kanyang noo. Hindi talaga maalaala ni Alfred ang ibinibintang ng dalaga.

“May amnesia ka ba, Mr...?”

“Alfred na lang, Ma’am. Kayo po?” Ngumiti siya sabay lahad ng kanyang palad sa babae.

Hindi iyon pinansin ng pulis. Sa halip ay binuksan nito ang bag at may kinuhang larawan mula sa loob. “Hindi ba ito ang kotse mo, Mr. Alfred?”

Kinuha niya ang picture at tiningnan iyon. “Opo, kotse ko nga ’yan.”

“Pero hindi mo naaalalang may nabangga ka sa EDSA?”

“Araw-araw akong dumadaan sa EDSA, ma’am, at nand’un nga ako n’ung araw at oras na mangyari ang insidente, pero hindi ko talaga alam ang sinasabi ninyo. Hindi ako gan’un mag-drive. Sigurado kong maaalala ko kung may nabangga ako,” malumanay niyang saad.

“Halika, Sir, at ipapakita ko sa ’yo ’yung gasgas ng kotse ko.”

“Sige, Ma’am.” Tumayo na siya. “Ipapakita ko rin

ang kotse ko na sinasabi mong nakabangga sa 'yo. Pero kasi kung nasagi o nabangga ko kayo, hihintuan naman kita."

Lumabas sila ng gusali at unang tinungo ang kotse ni Janine. Nakita niya ang gasgas sa bandang unahan na tagiliran ng kotse.

Saka nila tinungo ang kotse niya. Iyon talaga ang kotseng nasa larawang ipinakita ni Janine, pero wala iyong gasgas. Base sa pinsala sa kotse ng dalaga, dapat kahit paano ay may marka rin ang sasakyan.

"Ito 'yung kotseng sinasabi mong nakasabit sa 'yo, Ma'am?" tanong ng investigating officer.

Tumango ang babae habang kunot-noo pa ring nakatingin sa kotse niya.

"Kung ito ang nakasagi sa kotse mo, Ma'am, sana may gasgas din 'to."

Sinimangutan siya ni Janine. "Malay ba namin kung dinala mo agad-agad sa talyer at pinapinturahan mo."

Napangiti tuloy si Alfred at lumabas ang mapuputi at pantay-pantay nag ngipin. Napakamot ang lalaki sa batok. "Agad-agad naman, Ma'am?"

"PO2 Samonte, di kaya ibang kotse 'yung

nakasagi sa 'yo? Kasi puwede namang napagkamalan mo lang si Sir."

"Paano ako magkamali eh parehas ang plate number?" tanong ni Janine na tumingin sa plaka ng kotse ni Alfred.

"Puwede namang kapareho ng kulay, make at model ng kotse ko 'yung nakabangga sa 'yo at n'ung sinusundan mo siya, nalingat ka nang kaunti at 'yung kotse ko na ang sinundan mo."

Umiling ang babae, mukhang hindi kumbinsido sa paliwanag niya.

"Ikaw na rin ang nagsabi na pasingit-singit magmaneho 'yung nakagargas sa kotse mo," patuloy ng kasama nilang imbestigador. "Puwede nga na nagkamali ka ng sinundan."

Walang maisagot si Janine sa puntong iyon. Puwede kasi talagang nalingat siya, at baka nga nagkamali siya ng kinunan ng picture.

"Paano po? Aalis na ako. May trabaho pa kasi ako." Hindi naman galit ang tono ng lalaki.

"PO2 Samonte, puwede na po bang makaalis si Sir o may kailangan pa po ba tayong ayusin?" tanong ng investigating officer.

Umiling na lamang si Janine.

Binalingan ng imbestigador si Alfred. “Sige, Sir. Pasensya na po sa abala. Pero at least na-clear ang pangalan ninyo.”

“Okay lang’yun, Sir, pero parang hindi kumbinsido si Ma’am.” May himig ng pagbibiro sa tono ng binata.

“Hindi. Okay na. Kung naistorbo kita, pasensya na. “Yumuko na si Janine, hindi dahil nahihiya siya na baka nga nagkamali siya, kundi dahil naaasiwa na siya sa paraan ng pagkakatatig ng lalaki sa kanya.

“No problem. Saka na lang ako babawi.” Tumalikod na ang binata.

Napakunot ang noo ni Janine sa narinig dahil hindi niya naintindihan ang ibig sabihin ng lalaki, pero binalewala na lamang niya iyon.

“Pasensya na, Ma’am,” sabi sa kanya ng kapwa niya pulis. “Mukhang wala tayong basehan sa reklamo.”

Tumango na lamang siya. Wala na siyang magagawa. Saka posible naman talagang mali ang nakuhanan niya ng picture. Hindi lang maintindihan ni Janine kung bakit hindi niya nagawang gisahin ang lalaki. Siguro kasi masyado siyang naiilang sa

paraan ng pagkakatingin nito sa kanya. Posible rin kasi na nagsisinungaling ito.

Sabi ni Alfred, hindi raw ito sumisingit at nagpapalit ng linya, pero ganoon magmaneho ang driver ng sasakyang sinundan niya. Alam niyang nasa EDSA ito noong mga sandaling iyon.

Nakuhanan niya ng litrato ang kotse nito, di ba? At ito mismo ang nagsabi na araw-araw itong dumaraan sa nasabing lansangan.

Kung ito nga ang sinusundan niya, eh di pasingit-singit din ito! Basta, hindi abswelto ang lalaki sa kanya.

Pero napabuntong-hininga na lang si Janine. Siya na lang ang sasagot sa pagpapapintura ng kotse niya.

Kinabukasan, kasabay ni Janine sa pag-aagahan ang mga magulang sa terrace nila.

“Dad, nabasa n’yo na ba itong nasa diyaro?” tanong niya nang muling dumulog ang ama. May kausap kasi itong kapit-bahay sa gate kanina nang maupo siya.

Tumango ito. “Pupunta nga ako ng *Crame* mamaya at pag-uusapan namin ’yan.” Humigop ito ng kape.

“Pangalawang case na ito sa loob ng isang buwan. May lead na ba kayo?”

“Wala pa, pero may nakapagtimbre na ng plate number ng kotseng ginamit nila. Ipinapa-trace na lang namin sa *LTO* para malaman 'yung pangalan ng may-ari.”

Sumabat ang kanyang ina. “Mamaya n’yo na pag-usapan ang trabaho at magkasabay naman kayong papasok.”

“Sorry, Ma. Kain na tayo,” ani Janine.